Behavioral Health Department
Alameda County Health

# Paunawa para sa mga Konsyumer
# Nobyembre 22, 2024

Ginagawa ang mga pagbabago sa Handbook ng Benepisyaryo ng Kagawaran ng Kalusugan sa Pag-uugali ng County ng Alameda (Alameda County Behavioral Health Department, ACBHD).

Ipinaliliwanag ng Handbook ng Benepisyaryo ang iyong mga benepisyo at nagbibigay ng gabay tungkol sa mga serbisyong available sa iyo bilang miyembro ng network ng pangangalaga ng ACBHD.

Kabilang sa malalaking pagbabago sa Handbook ng Benepisyaryo ang impormasyon sa:

- **Mga Serbisyo ng Muling Pagpasok na Sangkot ang Hustisya:**
  - **Mga Team sa Paggamot para sa Muling Pagpasok at mga Programa sa Pakikilahok**
  - **Proyekto ng Ligtas na Pagbalik**
- **Nirebisang mga Tagline ng Wika at Paunawa ng Walang Diskriminasyon**

Dagdag pa rito, ang Handbook ng Benepisyaryo ay magiging pinagsama, ibig sabihin, iisa na lamang ang handbook para sa Mga Serbisyo ng Espesyalista sa Kalusugan ng Isip at mga Serbisyo ng Sakit na Mula sa Paggamit ng Substansya. Puwede kang mag-request ng handbook mula sa iyong provider o i-download ito mula sa website ng ACBHD sa https://www.acbhcs.org/beneficiary-handbook/.
Available nang libre ang mga tulong at serbisyo para sa mga taong may kapansanan, tulad ng mga dokumento sa braille at malalaking letra.

**Magiging available ang mga na-update na Handbook ng Benepisyaryo sa Enero 1, 2025.**

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa iyong provider ng serbisyo o tumawag sa ACBHD ACCESS sa 1-800-491-9099 (TTY: 711).